Terrestrial Fauna	<p>Birds</p> <ul style="list-style-type: none"> • Dalawampu't tatlo ng species ng ibon na kabilang sa 17 families ang naobserbahan at naitala mula sa tatlong (3) survey sites; lima (5) ay nasa Bohoy, 11 sa Lower Bulanjao at walo (8) sa Upper Bulanjao. Walang species ang pareho sa tatlong inobserbahang lugar. • Base sa IUCN 2016.3 list, lahat ng species ng ibon na nakita ay kabilang sa kategorya ng Least Concern na ang ibig sabihin ay walang indikasyon na ang mga species ay threatened at ang populasyon nito ay umuunti. • Kung pagbabasehan ang DAO 2004-15, ang <i>Gracula religiosa</i> o Common Hill Mynah ay nabibilang sa kategorya na Vulnerable. • Base naman sa listahan ng PCSD Resolution No. 15-521 series of 2015 ang <i>Gracula religiosa</i> ay nabibilang sa kategorya na Critically Endangered at ang <i>Haliaeetus leucogaster</i> ay nabibilang sa kategorya na Endangered. Apat na species ang napabilang sa kategorya ng Vulnerable, ito ay ang <i>Alophoixus frater</i>, <i>Chloropsis palawanensis</i>, <i>Dryocopus javensis</i> at <i>Prionochilus plateni</i>. <p>Mammals</p> <ul style="list-style-type: none"> • Dalawang species lamang ng volent mammals ang nakuha gamit ang mist nets. Ito ay <i>Cynopterus brachyotis</i> at <i>Megaderma spasm</i>. Walang non-volent mammals na nahuli gamit ang live trapping. Ang dalawang species na ito ay parehong maituturing na residents at nabibilang sa Least Concern category ayon sa IUCN, DAO 2004-15 at PCSDS No.15-521; <p>Herpetofauna</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sa pag-observerba ng herps (amphibians at reptiles) noong nagsagawa ng transect walk at frogging activity sa gabi, walong (8) species ang naitala; apat (4) na amphibians at apat (4) na reptiles ang nakita. • Isang species na naobserbahan, ang <i>Hylarana moellendorfi</i>, ay nabibilang sa Near Threatened (NT) ayon sa IUCN dahil ang populasyon na ito ay nangangabib dahil sa pagkasira ng kanilang tirahan, polusyon galling sa alikabok at iba pang environmental factors. Ang karamihan na species species naman ay itinuturing na Least Concern;

Component	Description
	<ul style="list-style-type: none"> • Base sa DENR, lahat ng species ay Least Concern. • Batay na naman sa PCSDS Resolution 15-521 ser. 2015 ang <i>Hylarana moellendorffi</i> at <i>Sanguirana sanguinea</i> ay nabibilang sa Vulnerable category habang ang karamihan ng species ay Least Concern
Hydrology/Flood Modelling	<ul style="list-style-type: none"> • Ang lugar na kilalagan ng AMA-IVB-144A ay nasa loob ng limang (5) drainage systems. Ito ay ang Canipan, Sumbiling, Tuba, Ocayan, at Iwahig river systems; • Ang taunang pag-ulan sa Canipan, Sumbiling, Tuba, Ocayan, at Iwahig watersheds ay umaabot sa 263.6, 130.4, 146.7, 228.8 at 484.5 MCM. Ang stream discharge, actual evapotranspiration at groundwater recharge ay kumukuha ng 52%, 40%, at 8% ng ulan; • Ang mga barangay sa Bataraza na nakapalibot sa AMA-IVB-144A ay dating umaasa sa mga poso at bukal para sa tubig sa kailangan sa kabahayan. Ang pampubliko at pribadong poso na ito ay may may case na 38 hanggang 102 mm diameter G.I. pipes; • Simula 2010, ang Barangay Rio Tuba ay sinusuplayan ng Level 3 water system na ipinagawa ng RTNMC at CBNC habang ang Barangays Sandoval at Iwahig at iba pang bahagi ng Ocayan, Culandanum, Igang-Igang at Sarong ay ikinokolekta din sa isang Level 2 water system na ipinagawa din ng RTNMC at CBNC noong 2013. Ang Barangay Taratak at Sumbiling naman ay dumedepende pa din sa shallow dug wells at deep wells at maging sa mga creeks na nagmumula sa kanluran at timog kanlurang bahagi ng Mount Bulanjao para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan; • Batay sa heolohiya ng lugar at ang mga nakalap na impormasyon patungkol sa pinanggalingan ng tubig particular na ang pagkakaroon ng poso na may lalim na 3 to 49 m, na ang shallow unconfined aquifers pati na ang malalalim na parte nito, at maaaring pati ang confined aquifers ay nasa lowlands sa paligid ng Mt. Bulanjao; • Batay sa comparative results ng flood modeling, walang malaking pagbabago sa flood characteristics ng lugar sa ibaba ng project area. Gayunpaman, may mga depression storage sa ibabang bahagi ng mining area na makikita sa pre-development scenario na maaaring lumaki kapag nagsimula na ang proyekto. Ito ay maaring dulot ng posibleng pagbago ng topograpiya sa particular na lugar na iyon kapag nagsimula na ang proyekto; at • Ang climate change projections ng PAGASA ay nagsasabi na ang pag-ulan ay mas dadami sa panahon ng tag-ulan at bababa sa panahon ng tagtuyot. Ang pagtaas ng pag-ulan ay magpapataas din ng tyansa ng pagbaha.
Water Quality	<ul style="list-style-type: none"> • Lahat ng groundwater stations maliban sa water pump sa Tagpisa (RTN-GW1) ay napag-alaman na hindi maaring inumin ayon sa microbial quality. Ang heavy metals, sa kabilang banda, ay mas mababa sa detection limits at mas mababa sa standard limit para sa tubig inumin; • Sa tatlong ilog na nanggagaling sa RTNMC site: ang Rio Tuba at Ocayan ay nasa uri ng Class C ng DENR. Habang ang Sumbiling River ay wala pang naitatalang pag-uuri ngunit para sa pag-aaral na ito, ang resulta ay kinumpara sa Class C. Ang resulta sa lahat ng istasyon ay naaayon sa Class C water quality standards (pH, DO, BOD, oil and grease, total coliform and TSS), maliban sa total coliform ng RTN-OR4 at RTN SR-3. Ang dalawang nabanggit na istasyon ay nasa ibaba ng lugar na may madaming populasyon. Para sa toxic at ibang deleterious substances, ang resulta ay mababa sa detection limit ng ginamit na analytical method. Ito ay maaring magpahiwatig na tama ang pag-uuri na ginamit; at • Para sa dalawang (2) marine stations, ang resulta ay pasok sa standard ng pH, dissolved oxygen, BOD, oil and grease, at total coliforms. Para sa toxic at iba pang deleterious substances, lahat ng parameters maliban sa total chromium at nickel, ay mababa sa detection limits ng ginamit na analytical method. Ito ay nagpapahiwatig na maganda ang kalidad para sa Class SC standard.
Physical Oceanography/ Thermal Plume Modelling	<ul style="list-style-type: none"> • Ang sukat ng pinakamalalim na parte ng Tuba River estuary ay nasa 20 m na matatagpuan 3 km mula sa baybayin; • Batay sa pinakamalapit na tidal station, ang Balabac Pier, may dalawang (2) uri ng tide: ang diurnal at semidiurnal; <u>Batay sa 2000 pag-aaral</u> • Ang pag-agos ng karagatan ay may bilis na nasa 1.1 to 5.1 cm/s kapag may flood tide at nasa 1.2 to 11.3 cm/s kapag may ebb tide. Ang pag-agos kapag may ebb tide ay papunta sa bahaging kanluran. Ang naobserbahang pag-agos naman kapag may flood tide ay papunta sa direksyon na hilagang silangan. <u>Batay sa 2015 pag-aaral</u>

Component	Description
	<ul style="list-style-type: none"> • Kung habagat (bilis ng hangin na 4 ms^{-1} mula timog-kanluran), ipinakita ng model ng mula sa Sulu Sea, ang bilis ng agos ng karagatan ay patungong hilagang-silangan (magnitude range na $2\text{-}8 \text{ cms}^{-1}$) malapit sa baybayin at 10 cms^{-1} patungo sa gitna ng dagat. • Kung amihan (bilis ng hangin na 4 ms^{-1} mula hilagang direksyon), ipinakita ng model na ang daloy ay patungong silangan ng Bay, ang bilis ng agos ng karagatan ay $4\text{-}8 \text{ cms}^{-1}$ malapit sa baybayin.
Freshwater Ecology	<ul style="list-style-type: none"> • Ang limang (5) pangunahing grupo ng phytoplankton na nakilala sa pamamagitan ng mga samples galling sa 11 na sampling stations. Ito ay ang Division Chlorophyta, Division Euglenophyta, Division Pyrhophyta, Division Bacillariophyta, at Division Cyanophyta na may 35 species; • Para naman sa species ng zooplankton, may hindi bababa sa limang (5) grupo ng species sa bawat samples, subalit, kagaya ng phytoplankton, ito ay may limitadong bilang ng indibiduwal lamang; • Ang kawalan ng malaking bilang ng zooplankton sa mga sample ay indikasyon ng energy relations. Ang mga phytoplanktons ay ang primary producers ng aquatic environment na nagsisilbing driving force ng energy flow at productivity sa ibang organismo. Ang mababang populasyon ng phytoplankton ay nagbibigay limitasyon sa magagamit na energy source ng mga secondary producers gaya ng zooplankters na nalilimita din sa posibilidad na sila ay mapasama sa sample; • Naitala ang dalawang (2) freshwater crab species (crustaceans), dalawang (2) gastropods at limang (5) orders ng insekto sa nakuhang samples. Ang Station 2 (Ibelnan W) ang may pinakamadaming species na naobserbahan (7) habang ang Sumbiling River upstream naman ang may pinakamataas na bilang ng indibidwal (43) na sinundan ng Malatgao River (28) at Ocayan River sa Bohoy (24). Ang karamihan sa indibiduwal ay mga mayflies galing sa Family Heptageniidae (Order Ephemeroptera); at • Limitado lang ang species ng isda na naobserbahan. Ang pinaka karaniwang isda ay ang paet (<i>Barbodes</i> sp.). Ang mga species na naitala ay natagpuan sa lahat ng sampling areas. Isa sa residente ang nagsabi na may makikitang igat sa mga ilog subalit walang nakuha nang ginawa ang pag-aaral.
Marine Ecology	<ul style="list-style-type: none"> • Ang coral reefs sa Rio Tuba ay nasa Good hanggang Excellent Condition, na may coral cover na nasa 50% hanggang mahigit sa 75%. Ang pinakamataas na coral cover ay naobserbahan sa Sandbar Parola site (76.2% - nasa <i>excellent</i> category), habang ang pinakamababang coral cover na naobserbahan sa reefs malapit sa bunganga ng Sumbiling River (53.9% - nasa <i>good</i> category pa din); • 155 reef fish species na nabibilang 34 families ang nai-record sa anim (6) na piling sites sa Coral Bay. Mahigit sa 90% ng isda sa bay ay binubuo ng non-target species o isda na walang commercial value. Ang kasaganahan ay mataas sa Ameril sa Station 2 na may 546 individuals/500m² na sinundan ng Sandbar Parola na may 523 individuals/500m²; • A pitong (7) species na naitala sa limang (5) station ay nagsasabi na may mataas na diverse mixed seagrass bed sa lugar. <i>C. rotundata</i>, <i>H. ovalis</i> and <i>T. hemprichii</i> ay makikita sa lahat ng stations, habang ang <i>E. acoroides</i> ay naitala lamang sa isang (1) istasyon; • Ang lahat ng istasyon ay nagsisilbing tahanan sa madaming species ng invertebrates gaya ng sea urchin <i>Diadema setosum</i>, at ilan sa species ng seastars gaya ng <i>Linkia laevigata</i> at <i>Protoreaster nodosus</i>. Ang presensya ng mollusks ay naobserbahan; at • 39 phytoplankton species na nabibilang sa tatlong (3) pangunahing grupo (Cyanobacteria: 1 species, Diatoms: 17 species, and Dinoflagellates: 21 species) ang naitala sa mga piniling istasyon. Ang pinakamataas na phytoplankton abundance ay naitala sa Station 2 (Ocayan Point) na may 952 cells/L.
Meteorology	<ul style="list-style-type: none"> • Ang katangian ng pag-ulan sa lugar ay maituturing na Type III sa ilalim ng Modified Corona Classification ng klima sa Pilipinas. Ang uri (type) ng klima ay tuyo mula Enero hanggang Abril at basa sa kabuuan ng taon; at • Ang lugar ng proyekto (AMA-IVB-144A) ay nakakatanggap ng average rainfall na 2,611 mm kada taon. Ang pag-ulan ay nagsisimula sa April na tumatagal hanggang Enero kung saan ito ay lumalagpas sa 160 mm at tumataas hanggang 362 mm sa October.
Meteorology	<ul style="list-style-type: none"> • Sa Palawan, ang pagdaan ng bagyo ay isa (1) kada taon na kadalasan ay nasa hilagang bahagi ng Palawan na nangyayari sa huling bahagi ng taon; at • Gamit ang emissions calculation tool Transport Tool (version 2.6 formulated by the Greenhouse Gas Protocol Initiative World Resource Institute, World Business Council

Component	Description
Air Quality	<p>For Sustainable Development), ang tinatayang potential CO₂ emission (CO₂-e) ng pinaplanong operasyon sa AMA-IVB-144A kada taon ay nasa 36,272 metric tonnes.</p> <p><u>Particulate Matter (Micron 10) at Total Suspended Particulates</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang resulta ng 24-hour ambient air quality sampling na isinagawa noong 2015 ay nagpapakita na ang PM₁₀ values sa pitong (7) sampling stations ay mababa sa itinakdang limit at ito ay nasa 0.02-0.06 ug/Ncm. Ang TSP values din ay mababa sa itinakdang limit at nasa 2.3-10.8 ug/Ncm lamang; • Ang resulta ng Self-Monitoring Reports (SMR) ng RTNMC sa panahong 2011-2017 para sa TSP ay nagpapakita na walang paglampas sa itinakdang 300 ug/Ncm guide value. Simula 2018, ang PM10 ay isinama sa monitoring activities at ang average ng lahat ng istasyon ay nasa 0.00055 ug/NCM lamang. <p><u>Sulfur Dioxide and Nitrogen Dioxide</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang baseline SO₂ results para sa lahat ng istasyon ay mababa sa itinakda ng DENR na 180 ug/Ncm. Ang values ay nasa 0.49 hanggang 4.74 ug/Ncm. Ang NO₂ values din ay mas mababa sa ambient air quality guide value na 150 ug/Ncm, mula 3.14 hanggang 5.53 µg/Ncm.
Noise	<ul style="list-style-type: none"> • Ang datos ng noise level monitoring na nakuha noong 2015 ay nagpapakita na ang average monitoring values para sa lahat ng istasyon (AQ1 to AQ7) ay 60.8, ang daytime ay 60, evening ay nasa 62.6, at nighttime ay nasa 60.6. Ito ay nagsasabi na ang lugar ay maaaring maituring na Class C noise category na ibinibigay sa mga light industrial area. Gamit ang kategoryang ito, ang values sa istasyon gaya ng AQ2 (pier), AQ3 at AQ4 na mga roadside areas, ay lumampas sa nighttime noise standards. • Base sa noise level monitoring ng RTNMC mula 2013 hanggang 2018 sa limang (5) sampling stations, ang background noise readings ay mula sa pinakamababa na 54 dB hanggang sa pinakamataas na 87 dB. Ang average noise level sa mga lugar na sinamplangan ay nasa 75.4. Ang readings ay mataas sa daytime DENR standard na 70 dB para sa Class C areas. Sa 276 measurements na nareport, 210 ang lumagpas sa 70 dB (76%).
Socio-economics	<ul style="list-style-type: none"> • Sa 2010 Census of Population and Housing na inilabas ng NSO, ang kabuuang populasyon ng Bataraza ay 63,644. Sa barangay level, ang Barangay Rio Tuba ang may pinakamataas na populasyon, 8,461, na sinundan ng Barangay Poblacion na may populasyon na 5,299; • Ang Barangay Rio Tuba ay matatagpuan 39.7 km way mula sa Central Poblacion ng Bataraza. Ito ay may kabuuang land area na 16,635.887 ha. Noong 2014, ang populasyon nito ay tumaas sa 20,071; • Ang Barangay Ocayan ay itinuturing na rural barangay na may kabuuang lawak na 1,803.5 ha at populasyon na 1,780 noong 2007. Ang land use sa barangay sa pangkalahatan ay agricultural na may maliit na bahagi ng kabahayan, gubat at idle land; at • Ang kabuuang populasyon ng Barangay Taratak noong 2015 ay nasa 1,627. Ang populasyon ay binubuo ng 50.09% na kalalakihan at 49.72% na kababaihan. <p><u>Perception towards the project</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Base sa isinagawang survey, 91.13% ang sumang-ayon na ang pinaplanong RTNMC project ay magdadala ng positibong pakinabang sa komunidad. Ang magagandang benepisyo na ito ay ang: pagbibigay ng trabaho sa lokal na residente, implemenstasyon ng higit pa na community projects, infrastructure, at livelihood development, pagtaas ng livelihood at business at ang pagtaas ng tax collection at revenue ng barangay at munisipalidad; • Sa kabilang banda, ang mga nakikitang negatibong maidudulot ng proyekto ay ang panganib sa komunidad gaya ng polusyon, pagkakasakit at pagkasira ng kalikasan (17.94%), posibleng aksidente sa trapiko (14.76%), posibleng pagbaha at pag-guho (13.44%), peace and order hazards (12.24%), decrease in livelihood (11.76%), in-migration (11.34%), displacement ng mga pamilya (10.38%) at posibleng pagbabago sa kabuhayan at kultura (8.16%); • Nasa 70% ng kabuuang Direct Impact Area (DIA) at Indirect Impact Area (IIA) respondents ang sumang-ayon na ang pinaplanong proyekto ay makakatulong sa komunidad at lokal na residente habang 1.66% ang nag-iisip na may pinsalang maaaring maging dulot ng pinaplanong proyekto; at • Base sa pangkalahatang perception tungkol sa proyekto at kapag maiiwasan ang mga posibleng negatibong epekto nito, 70.06% ng kabuuang respondents ay makapagbibigay ng kanilang pagsang-ayon (approval/endorsement) habang 12.94% ang hindi. 32.86% ng hindi pumapayag sa pinaplanong proyekto ang nagsabi na

Component	Description
	nakikita nila na ang proyekto ay magdadala ng negatibong epekto sa kalusugan, kapakanan at kabuhayan ng mga residente.
Public Health	<ul style="list-style-type: none"> • Base sa vital health statistics ng Munisipalidad ng Bataraza na nakuha noong 2015, ang pangunahing sanhi ng pagkakasakit sa buong munisipalidad ay upper respiratory tract infection (URTI) na nangunguna mula 2010 hanggang 2014. Base naman sa impormasyon inilabas ng Department of Health noong 2010, ang Acute Respiratory Infection ay ang may pinakamataas na kaso sa bansa na may kabuuang 1,289,168¹ na kaso. Ang URTI ang kumakatawan sa pinaka-karaniwang acute illness na nasuri sa outpatient setting na maaring nagdulot ng common cold hanggang life threatening illnesses gaya ng epiglottitis². • Ang pangunahing sanhi naman ng pagkamatay sa Bataraza, Palawan mula 2010 hanggang 2014 ay hypertension (HPN). Ang mga pinakakaraniwang sanhi ng pagkamatay mula sa nasabing taon ay hindi related sa communicable diseases maliban sa pulmonary tuberculosis (PTB) at pneumonia; • Noong 2011, may doktor, dentista, medical technologist, at sanitary inspector ang nangangalaga sa 63,644 population ng Bataraza, Palawan. May isang (1) nars para sa kada 21,215 na residente; isang (1) midwife para sa 4,546 na residente; at isang (1) active barangay health worker sa kada 350 na resident. • Ang Barangay Rio Tuba ay may 19 na health related facilities, tatlong (3) private medical clinics, isang (1) ospital, dalawang (2) maternal and child clinics, Barangay Health Center, Family Planning Center, anim (6) na Day Care Centers, at limang (5) drug stores. • Kaagapay ng Municipal RHU sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan ay ang RTNFI Hospital na matatagpuan sa RTN Townsite na may layo na 35 km mula sa town proper. Ito ay may 30 na kama at limang (5) bassinets.

4.0 BUOD NG MGA ALTERNATIBO

Sa pagpili ng lugar na pagmiminahan para sa pinaplanong proyekto, isinaalang-alang ng RTNMC ang kanilang kasalukuyang aplikasyon ng MPSA (AMA-IVB-144A). Sa pagpapatuloy ng pagkuha ng approval ng MPSA, maipapagpatuloy ng RTNMC ang pagbibigay ng trabaho sa komunidad, pababayad ng buwis sa gobyerno at ang implementasyon ng SDMP. Masisiguro din nito ang patuloy na operasyon ng HPP ng CBNC, isang high valued private investment na may naibibigay na mga benepisyong pang-socio-economic.

Kapag ang RTNMC naman ay hindi itutuloy ang kasalukuyang aplikasyong ng MPSA (AMA-IVB-144A), mawawala sa kanila ang oportunidad na minahin ang nickel at cobalt sa loob ng 3,553 hektarya lupain. Ngunit ang posibleng hindi pagtuloy ng RTNMC sa aplikasyon ay maaring magdulot sa pag-aaplay ng ibang kompanya para sa naturang MPSA. Ang nickel at cobalt sa lugar na ito ay mamimina din depende sa kakahayan ng mga kompanya at ang pagsunud nila sa mga requirements ng gobyerno. Sa ganitong paraan, ang host at mga kalapit na komunidad ay maaring magkatanggap pa din benepisyo mula sa papasok na ibang kompanya. Kung tatanggihan naman ng gobyerno ang aplikasyon ng MPSA ng ibang kompanya, ang pagmimina sa lugar ay hihinto. Sa paghinto ng mina, mawawalan ng ore na gagamitin ang HPP na maaaring madulot ng pagsasara nito. Magkakaroon ito ng epekto sa host at malalapit na komunidad dahil mawawalan ng trabaho, kita galling sa tax, social services at community programs ang mga tao. Maaari din itong magdulot ng pagbaba ng economic activity sa lugar dahil ang pinanggagalingan ng pera (mula sa sweldo ng mga empleyado ng RTNMC and CBNC) ay mawawala. Sa pag-alis ng mga empleyado ng kompanya, bababa ang pangangailangan sa lugar at mawawalan ng pagkakakitaan ang

¹ <https://www.doh.gov.ph/Statistics/Leading-Causes-of-Morbidity>

² <https://emedicine.medscape.com/article/302460-overview>

mga suppliers. Dahil dito, posible na maraming pamilya ang aalis upang maghanap ng ibang trabaho at ikabubuhay.

Ang iba pang alternatibo para sa ibang aspeto na kinonsidera para sa proyektong ito ay matatagpuan sa **Table 1.4.1**.

5.0 BUOD NG IMPACTS AT MITIGATION

Sa *Chapter 2* ng report na ito, ang mga posibleng epekto, maganda man o hindi, ng pinaplanong proyekto at ang nararapat na mitigating measures nito ay inalam batay sa ginawang pagsusuri ng mga eksperto sa lugar. Ang mga nilalayong paraan upang maibsan ang mga negatibong epekto at pagandahin ang mga magagandang epekto ng proyekto ay nakatala sa Impact Management Plan (**Table 4.1.1**) sa *Chapter 4* ng report na ito. Upang masiguro na epektibo ang mga pamamaraan na ito at mapanatili ang pagsunod sa mga environmental standards, ginawa ang Environmental Monitoring Plan na may EQPL na magsisilbing gabay sa RTNMC. Ito ay nakalahad sa **Table 6.1.2** ng *Chapter 6*.

Table ES7. Buod ng mga kinilalang epekto ng proyekto at nararapat na management measures

Epekto	Proposed Management Plan
Ang Lupa	
Pagpasok sa lugar na kinilalang Environmentally Critical Areas (ECAs)	Ang operasyon ng RTNMC ay lilimitahan lamang sa mga lugar na may taas na hindi hihigit sa 1,000 masl at sa loob lamang ng pinayagang lugar ng pagmimina ng MGB. Magtatalaga ang RTNMC ng 50-m na bufferzone sa mga mining pits at access roads at ito ay papapanatilihin.
Pagbabago sa anyo ng kalupaan	Ang RTNMC ay magpapasa ng Environmental Protection and Enhancement Program (EPEP) na magtatakda ng mga management measures para sa progressive rehabilitation ng mga mined out areas. Kasama dito ang estabilisasyon ng mga dalisdis ng mga mined out areas.
Soil erosion	Ang EPEP na ipapasa ng RTNMC ay magtatakda ng mga soil conservation measures tulad ng selective clearing ng vegetation cover, slope stabilization measures at pagkuha ng mga topsoil at tamang pagtatago pag-iimbak nito at erosion control measures.
Pagkatanggal ng halaman at pagkawala ng tirahan ng mga native at endemic species na hayop at pagbabago sa community structure ng flora at fauna	Bago pa man masimula ang pagmimina, ang RTNMC ay magsasagawa ng komprehensibong Biodiversity Conservation Action Plan para sa konserbasyon at pagpapadami ng mga importanteng species ng halaman. Ang pagpapatupad ng EPEP ay makatutulong upang matugunan ang epekto ng pagkawala ng tahanan ng mga hayop at paglalagay ng mga green corridors.
Ang Tubig	
Pagkaubos ng water resources	Minimal na pagbubukas ng lugar sa pagmimina sa pamamagitan ng selective clearing at progressive rehabilitation, mas maraming tubig ang maaring makapasok sa ilalim ng lupa. Inirerekomenda na kada-50 ha lamang ang bubuksan lugar upang minahin at ang rehabilitasyon nito ay agad na isusunod bago pa man magbukas ng panibagong lugar na miminahin.
Pagbaba ng kalidad ng tubig (groundwater at surface water)	Sa panahon ng konstruksyon, gagawa ng temporary sediment control structures para maiwasan ang sedimentasyon sa mga ilog hanggat hindi pa naitatayo ang mga diversion canals at siltation ponds. Ang RTNMC din ay gagawa at magpapatupad ng storwater management plan.
Ang Hangin	
Pagbaba ng kalidad ng hangin	Patuloy na pagsasagawa ng reforestation programs and progressive rehabilitation sa mga bukas nang lugar ng mina upang mabawasan ang GHG emission and mapaganda ang kalidad ng hangin sa lugar. Ang pagkalat ng alikabok ay mababawasan sa pamamagitan ng regular na pagdidilig sa mga kalsada at pagpapanatili ng kaayusan ng Macadam Road. Pagtatakda ng speed limit at paghuhugas ng mga gulong ng sasakyan bago pumasok ng Macadam Road.
Ang Tao	
	Ang mga impact barangay ay makakatanggap ng benepisyo mula sa mga Social Development and Management Programs (SDMP) gaya ng

Epekto	Proposed Management Plan
	<p>pagbibigay tulong sa edukasyon, kalusugan at kabuhayan ng komunidad. Sila din ay makakatanggap ng benepisyo mula sa tax na ibinabahagi sa lokal na pamahalaan upang ilaan sa mga pampublikong proyekto.</p> <p>Ang RTNMC ay magkakaloob ng mga PPE sa kanilang empleyado at magsasagawa ng mga safety trainings.</p> <p>Ang mga posibleng isyu sa trapik sa Macadam Road ay matutugunan sa pamamagitan ng paglalagay ng barriers, signages at pagtatalaga ng traffic personnel para mapanatili ang pag-usad ng mga sasakyan.</p>